

Ang Epekto ng Kamakailang Pag-shutdown ng Pamahalaan sa Tulong sa Pagkain

Na-update noong 11/14/2025

Nauunawaan ng Feeding America na dahil sa pag-shutdown ng pamahalaan, maraming pamilya ang napilitang mamili sa pagitan ng pagkain at iba pang pangangailangan tulad ng pabahay at pangangalagang pangkalusugan kahit imposible itong gawin.

Kahit tapos na ang pag-shutdown ng pamahalaan, alam naming magkakaroon pa rin ng epekto sa mga pamilya ang mga pagkaantala sa SNAP at iba pang programa.

Ang network ng mga food bank, pantry, at iba pang programa sa pagkain ng Feeding America ay nakatuon sa paggawa ng lahat ng magagawa namin para matulungan ang mga pamilyang naapektuhan ng shutdown.

Gumawa kami ng FAQ tungkol sa patuloy na epekto ng kamakailang pag-shutdown sa mga programa para matulungan ang mga tao na mas maunawaan kung paano sila magkakaroon ng access sa pagkain.

Ano ang epekto ng kamakailang pag-shutdown ng pamahalaan sa mga benepisyo sa grocery ng Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP)?

Maaantala ang mga benepisyo ng SNAP sa Nobyembre 2025. Lalabas ang mga benepisyo sa Disyembre 2025 at Enero 2026 sa tamang oras at nang buo.

Pinangasiwaan ng bawat estado ang pag-shutdown sa iba't ibang paraan, kaya naibigay na nang buo ang mga benepisyo ng SNAP sa ilang estado.

Maaaring nagsimula ang iba pang estado na magpatupad ng mga programa para masapatan ang kulang noong naantala ang pagbibigay ng mga benepisyo noong Nobyembre.

Kung mayroon ka nang pera galing sa SNAP sa iyong EBT card mula sa mga nakaraang buwan, maaari mo pa rin itong gamitin.

Mangyaring patuloy na sumangguni sa mga lokal at pang-estadong ahensya para sa pinakanapapanahong impormasyon.

Maaari pa rin bang mag-apply ang mga tao para sa mga benepisyo ng SNAP?

Oo, maaari ka pa ring mag-apply para sa mga benepisyo ng SNAP. Gayunpaman, kung mag-a-apply ka para sa SNAP sa Nobyembre 2025, maaaring maantala ang pagpoproseso ng iyong aplikasyon at pamamahagi ng mga benepisyo mo. Kung hindi ka pa naka-enroll sa programa, **matutulungan ka ng network ng Feeding America na mag-apply para sa SNAP.**

Ano ang epekto ng kamakailang pag-shutdown ng pamahalaan sa mga benepisyo ng Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children (WIC)?

Inaasahang mababayaran nang buo ang mga benepisyo ng WIC sa Nobyembre 2025, pero maaaring maantala ang mga ito depende sa mga proseso ng iyong estado. Inaasahang maibibigay sa tamang oras at nang buo ang mga benepisyo ng WIC sa Disyembre at Enero. [Ang iyong lokal na tanggapan ng WIC](#) ay makakapagbigay ng higit pang impormasyon tungkol sa kung paano maaapektuhan ang mga benepisyo sa iyong estado.

Ano ang epekto ng kamakailang pag-shutdown ng pamahalaan sa mga pagkain sa paaralan?

Inaasahang magiging normal ang operasyon ng mga programa sa pagkain para sa mga bata. Kabilang dito ang almusal, tanghalian, at mga pagkain pagkatapos ng klase sa paaralan na inihahandog sa pamamagitan ng Child and Adult Care Food Program (CACFP).

Ano ang epekto ng kamakailang pag-shutdown sa mga taong nakikilahok sa senior food box program ng USDA?

Ang karamihan sa mga pamamahagi o paghahatid ng food box sa Commodity Supplemental Food Program (CSFP) ay dapat maganap ayon sa plano sa Nobyembre. Maaaring magkaroon pa rin ng mga pagkaantala hanggang sa Disyembre sa ilang site. Patuloy na makipag-ugnayan sa iyong site o operator ng programa para sa pinakanapapanahong impormasyon sa iyong lokal na lugar.

Ano ang epekto ng kamakailang pag-shutdown ng pamahalaan sa mga pederal na empleyado at taong nagtatrabaho para sa mga pederal na kontratista?

Ang mga taong nagtatrabaho para sa mga pederal na kontratista ay maaaring nakitang naantala kaagad ang kanilang sahod matapos magsimula ang shutdown.

Nakaranas ang mga pederal na sibilyang empleyado ng mga pagkaantala sa suweldo noong Oktubre at unang bahagi ng Nobyembre. Ngayong tapos na ang pag-shutdown, inaasahang normal na magpapatuloy ang mga suweldo para sa mga pederal na empleyado.

[Ang mga food bank sa buong bansa](#) ay available sa lahat, pati na sa mga pederal na empleyado, taong nagtatrabaho para sa pederal na kontratista, at iba pang indibidwal na naapektuhan ng shutdown. Bagama't may mga panuntunang nagbabawal sa mga pederal na empleyadong tumanggap ng mga regalo mula sa publiko, pinapayagan silang makatanggap ng kawanggawang tulong mula sa mga nonprofit at iba pang organisasyon na tumutulong sa kanilang mga komunidad.

Kung isa kang pederal na empleyado o empleyado ng pederal na kontratista at nakakatugon ka sa mga requirement sa pagiging kwalipikado, maaari ka ring mag-apply para sa SNAP—isang programa na nagkakaloob ng mga buwanang pondo na tumutulong sa mga tao na makabili ng mga grocery. Kung hindi ka pa naka-enroll sa programa, [matutulungan ka ng network ng Feeding America na mag-apply para sa SNAP](#).

Paano ako makakahanap ng food bank malapit sa akin?

Ang iyong lokal na food bank ay matutulungan ka at ang mga kapitbahay mo na makahanap ng pagkain ngayon. Nakikipagtulungan ang mga partner ng food bank sa mga food pantry at programa sa pagkain sa iyong komunidad para makapagbigay ng libreng pagkain.

[Hanapin ang food bank na pinakamalapit sa iyo.](#) Makakapaghanap ang aming tool sa iyong lugar sa pamamagitan ng ZIP code at estado.